

Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa [*Illinois Rental Payment Program*]

Mga Madalas na Katanungan para sa **MGA TAGAPAGBIGAY NG PABAHAY** **HULING BINAGO: 12/2/2021**

Aplikasyon

1. Paano ako mag-a-apply para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?
2. Gaano katagal magbubukas ang portal ng aplikasyon?
3. Nakatanggap ako ng abiso na ang aking nangungupahan [*tenant*] ay nagpasa ng aplikasyon ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa. Ano ang ibig sabihin nito?
4. Dapat bang kumpletuhin muna ng nangungupahan o ng nagpapaupa [*landlord*] ang kanilang aplikasyon?
5. Maaari ko bang i-save ang aking kasalukuyang aplikasyon at tapusin ito sa ibang pagkakataon?
6. Mayroon bang limitasyon sa kung gaano karaming mga aplikasyon ang maaari kong ipasa?
7. Paano kung ang aking nangungupahan ay hindi gustong lumahok sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?
8. Ano ang dapat kong gawin kung napagtanto kong nagkamali ako pagkatapos kong isumite ang aking aplikasyon?

Pangkalahatang-ideya ng Programa

9. Magkano ang tulong na matatanggap ng aking nangungupahan?
10. Paano ipapamahagi ang mga pondo ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa sa mga aprubadong aplikante?
11. Kailangan bang bayaran ng mga nagpapaupa ang anumang pondo kung maaprubahan ang kanilang aplikasyon?
12. Magbabayad ba ang mga nagpapaupa ng buwis sa mga pondo ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa kung maaprubahan ang kanilang aplikasyon?
13. Mauubusan ba ng pondo ang Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?
14. Bibigyan ba ng prayoridad ang anumang aplikasyon?

Pagiging Kuwalipikado

15. Sino ang karapat-dapat na makatanggap ng tulong mula sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?
16. Mayroon bang mga kinakailangan sa katayuan sa imigrasyon para sa tulong ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?
17. Kuwalipikado ba ang aking mga nangungupahan para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa kung nakatanggap sila ng pangkagipitang tulong sa pag-upa mula sa IHDA sa nakaraan?
18. Isa akong tagapagbigay ng pabahay na taga-ibang estado na may pinapaupahang ari-arian sa Illinois. Maaari ko bang kumpletuhin ang isang pinagsamang aplikasyon kasama ng aking mga nangungupahan na residente ng Illinois?
19. Ang aking mga nangungupahan ay mga tumatanggap ng Section 8/Housing Choice Voucher. Kuwalipikado ba sila para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

20. Ang mga nangungupahan ba sa corporate, panandalian, o pansamantalang pabahay na ibinigay ng employer ay karapat-dapat na makatanggap ng tulong mula sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?
21. Ako ay nagmamay-ari at nakatira sa isang multi-unit na gusali na inookupahan din ng nangungupahan. Kung ang isang nangungupahan na naninirahan sa aking gusali ay nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado, maaari ba akong magpasa ng aplikasyon para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

Mga Kinakailangang Dokumento

22. Anong mga dokumento ang kailangang ibigay ng mga tagapagbigay ng pabahay kapag nag-aapply para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?
23. Anong impormasyon ang kailangan ng mga tagapagbigay ng pabahay para mag-apply para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?
24. Kailangan ba ng aking nangungupahan ng kasunduan sa pag-upa [*lease*] para mag-apply?
25. Kailangan ba ng aking nangungupahan ng Social Security Number para makapag-apply?

Pagdaan sa Proseso ng Pagsusuri

26. Ano ang mangyayari pagkatapos kong makumpleto ang aking aplikasyon?
27. Paano ko malalaman ang katayuan ng aking ipinasang aplikasyon?
28. Ano ang ibig sabihin ng iba't ibang mga katawagan sa katayuan ng aplikasyon?
29. Kailan ako aabisuhan kung ang aking aplikasyon ay naaprubahan para sa pagpopondo o itinuring na hindi karapat-dapat para sa pagpopondo?
30. Paano ako aabisuhan kung ang aking aplikasyon ay naaprubahan para sa pagpopondo o itinuring na hindi karapat-dapat para sa pagpopondo?

Karagdagang Impormasyon

31. Maaari ba akong mag-apply sa ibang mga programa sa pangkagipitang tulong sa pag-upa na inaalok ng aking lungsod o lalawigan [*county*]?
32. Paano kung ang aking nangungupahan ay lumipat pagkatapos matanggap ang mga pondo ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?
33. Nakatanggap ako ng bayad ng ILRPP sa ngalan ng isang nangungupahan na natulungan na ng isa pang programa sa pangkagipitang tulong sa pag-upa. Kailangan ko bang ibalik ang mga pondo ng ILRPP?
34. Maaari bang tumanggap ng tulong ng ILRPP ang isang nagpapaupa para sa isang nangungupahan na boluntaryong lumipat pagkatapos magpasa ng aplikasyon?
35. Paano ko ibabalik ang labis na pondo ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa sa IHDA?
36. Maaari ko bang paalisin ang aking nangungupahan kung nag-apply ako para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa o nakatanggap ng pondo?
37. Kanino ako makikipag-ugnay para sa mga katanungan tungkol sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?
38. Paano kung ang aking nangungupahan ay nangangailangan din ng tulong sa pagbabayad ng kanilang mga utility bill na hindi kasama sa singil sa upa?
39. Paano kung ang aking nangungupahan ay nangangailangan ng karagdagang tulong sa panahon ng pandemya ng COVID-19?

40. Ano ang dapat kong gawin kung sa palagay ko ay may nagsusumite ng maling impormasyon sa IHDA kaugnay ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

Mga Madalas na Katanungan

Paunawa:

- *Ang impormasyong kasama sa dokumentong ito ay binabago nang regular kapag naaangkop.*

Aplikasyon

1. Paano ako mag-a-apply para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Ang aplikasyon ng ILRPP ay isang magkasamang aplikasyon sa pagitan ng nangungupahan at ng nagpapaupa. Parehong maaaring kumpletuhin ng nangungupahan at nagpapaupa ang kanilang online na aplikasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa www.IllinoisHousingHelp.org at pagkumpleto ng pre-eligibility questionnaire, paggawa ng ILRPP account, at pagbibigay ng mga kinakailangang impormasyon at dokumento. Hinihikayat ang mga aplikante na suriin ang mga pamantayan sa pagiging kuwalipikado at listahan ng mga kinakailangang dokumento na makukuha sa www.IllinoisHousingHelp.org bago simulan ang kanilang aplikasyon. Hindi kinakailangan para sa nangungupahan o ng nagpapaupa na kumpletuhin ang kanilang aplikasyon bago ang isa.
- Kapag kumpleto na, ang mga aplikasyon mula sa nangungupahan at nagpapaupa ay ipapares at susuriin para sa pagiging kuwalipikado. Makikipag-ugnayan sa inyo ang IHDA sa pamamagitan ng DoNotReplyILRPP2@ihda.org kung kinakailangan ng karagdagang impormasyon.
- Para sa mga nangungupahan o nagpapaupa na may mga hadlang sa pag-access sa online na aplikasyon, ang mga Tagapagbigay ng Housing Stability Service (HSS) ay nakahanda upang tumulong. Makipag-ugnayan sa ILRPP call center ng IHDA sa (866)-IL-HELP-1 (866-454-3571) para makakonekta sa isang available na tagapagbigay ng HSS o bisitahin ang www.IllinoisHousingHelp.org.

2. Gaano katagal magbubukas ang portal ng aplikasyon?

- Ang mga aplikasyon ay tatanggapin simula Lunes, Disyembre 6, 2021 hanggang Linggo, Enero 9, 2022 sa 11:59 ng gabi. Wala sa alinmang partido ang bibigyan ng karagdagang oras upang magpasa ng aplikasyon pagkatapos ng deadline na ito. Maaaring ipahayag sa 2022 ang mga karagdagang panahon ng aplikasyon. Pakitingnan ang www.IllinoisHousingHelp.org para sa mga anunsyo ng darating pang programa.

3. Nakatanggap ako ng abiso na ang aking nangungupahan [tenant] ay nagpasa ng aplikasyon sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa. Ano ang ibig sabihin nito?

- Ang mga nangungupahan ay maaaring magpasa ng contact information para sa kanilang mga kasero [landlords] sa kanilang aplikasyon sa ILRPP na gumagawa ng isang email na imbitasyon upang lumahok sa programa. Dapat sundin ng nagpapaupa ang ibinigay na link, gumawa ng

account, at ipasa ang kanilang aplikasyon gamit ang eksaktong address at unit number (kung naaangkop) na nakalista sa email. Kung mali ang address na nakalista sa email, mangyaring tumawag sa call center ng IHDA sa (866) 454-ILHELP-1 (866-454-3571).

4. Dapat bang kumpletuhin muna ng nangungupahan o ng nagpapaupa [landlord] ang kanilang aplikasyon?

- Hindi kinakailangan para sa isang aplikasyon na makumpleto bago ang isa. Dapat maglaan ang nangungupahan at ang nagpapaupa ng kanilang oras upang kolektahin ang lahat ng mahalagang dokumentong kinakailangan at kumpletuhin ang kanilang aplikasyon sa o bago ang Enero 9, 2022 sa 11:59 ng gabi. Kung kukumpletuhin muna ng nangungupahan o ng nagpapaupa ang aplikasyon, ang kabilang partido ay makakatanggap ng email na imbitasyon upang lumikha ng ILRPP account at magpasa ng aplikasyon.

5. Maaari ko bang i-save ang aking kasalukuyang aplikasyon at tapusin ito sa ibang pagkakataon?

- Oo, ang pag-usad ng inyong aplikasyon ay mase-save sa tuwing i-click mo ang pindutang “Save and Next”. Kung kailangan mong ihinto at tapusin ang inyong aplikasyon sa ibang pagkakataon, maaari kang mag-log in sa inyong ILRPP account sa ilrpp2.ihda.org, tingnan ang dashboard ng inyong aplikasyon, at i-click ang “Resume” upang ipagpatuloy ang inyong aplikasyon mula sa huling na-save na bahagi.

6. Mayroon bang limitasyon sa kung gaano karaming mga aplikasyon ang maaari kong ipasa?

- Walang limitasyon. Ang mga tagapagbigay ng pabahay ay maaaring magpasa ng isang aplikasyon sa bawat kasalukuyang nangungupahan na sambahayan para sa pinakamaraming sambahayan na pinaniniwalaan nilang nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado. Makakapag-apply ang mga nagpapaupa para sa maraming nangungupahan sa isang aplikasyon gamit ang feature ng bulk upload ng ILRPP Application Portal.

7. Paano kung ang aking nangungupahan ay hindi gustong lumahok sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Dapat kumpletuhin ng mga nangungupahan ang isang aplikasyon upang maisaalang-alang para sa tulong. Kung pinili ng nangungupahan na huwag lumahok, ang aplikasyon ng nagpapaupa ay hindi makukumpleto at hindi kuwalipikado.

8. Ano ang dapat kong gawin kung napagtanto kong nagkamali ako pagkatapos kong isumite ang aking aplikasyon?

- Mangyaring makipag-ugnayan sa call center ng Illinois Housing Development Authority sa 1-866-ILHELP-1 (1-866-454-3571) na may mga detalye sa mga pagwawasto na kailangan para sa inyong aplikasyon.

Pangkalahatang-ideya ng Programa

9. Magkano ang tulong na matatanggap ng aking nangungupahan?

- Ang mga nangungupahan ay karapat-dapat na makatanggap ng isang beses na pondo na hanggang \$25,000 na direktang babayaran sa kanilang kasero sa ngalan nila. Gayunpaman, kung pipiliin ng nagpapaupa na hindi kumpletuhin ang kanilang aplikasyon, maaaring direktang tumanggap ng bayad ng ILRPP ang mga nangungupahan. Mag-iiba-iba ang mga halaga ng pondo at itutugma sa partikular na pangangailangan ng nangungupahan.
- Sasaklawin ng tulong ang hanggang 18 buwan ng mga pangkagipitang pagbabayad ng upa, kabilang ang hanggang 15 buwan ng hindi nabayarang bayad sa upa at hanggang tatlong buwan ng mga pagbabayad sa upa sa hinaharap. Ang renta na inutang mula Hunyo 2020 hanggang Abril 2022 ay maaaring bayaran gamit ang mga pondo ng ILRPP.
- Pakitandaan na ang mga sambahayan na nakatanggap ng pederal na tulong sa pag-upa ay hindi makakatanggap ng higit sa 18 buwan ng kabuuang tulong, anuman ang pinagmulan ng tulong na ibinigay. Bilang karagdagan, ang pinagsamang tulong na natanggap mula sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa ay hindi lalampas sa kabuuang \$25,000. Bilang wakas, ang mga sambahayan na nakatanggap ng pangkagipitang tulong sa pagbabayad ng upa ay hindi makakatanggap ng karagdagang mga pagbabayad sa ILRPP para sa mga parehong buwang iyon.

10. Paano ipapamahagi ang mga pondo ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa sa mga aprubadong aplikante?

- Kung maaaprubahan ang isang aplikasyon, ang IHDA ay maglalabas ng grant payment nang direkta sa nagpapaupa sa ngalan ng nangungupahan sa anyo ng isang tseke gamit ang impormasyon sa pagbabayad na ibinigay sa aplikasyon. Gayunpaman, kung pipiliin ng nagpapaupa na hindi kumpletuhin ang kanilang aplikasyon, ang mga nangungupahan ay direktang makakatanggap ng bayad ng ILRPP sa pamamagitan ng isang espesyal na proseso ng pagsusuri. Ang mga nangungupahan na may mga kaserong hindi tumutugon o hindi nakikipagtulungan ay tatawagan ng IHDA para sa karagdagang tagubilin.

11. Kailangan bang bayaran ng mga nagpapaupa ang anumang pondo kung maaprubahan ang kanilang aplikasyon?

- Hindi, ang tulong ay isang kaloob.

12. Magbabayad ba ang mga nagpapaupa ng buwis sa mga pondo ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa kung maaprubahan ang kanilang aplikasyon?

- Ang tulong ng ILRPP ay dapat iulat bilang natanggap na upa para sa mga layunin ng pagbubuwis. Dapat kumunsulta ang mga nagpapaupa sa isang propesyonal sa buwis o accounting para sa anumang mga katanungan tungkol sa epekto ng tulong ng ILRPP sa mga buwis ng estado o pederal.

13. Mauubusan ba ng pondo ang Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Limitado ang pagpopondo para sa ILRPP at uunahin ng IHDA ang mga nangungupahang sambahayan na walang trabaho nang higit sa 90 araw at ang mga kumikita ng mas mababa sa

50% ng kanilang area median income. Maglalabas ang IHDA ng press release kapag naubos na ang pondo ng ILRPP.

14. Bibigyan ba ng prayoridad ang anumang aplikasyon?

- Ang mga tuntunin ng pederal ay nag-aatas sa IHDA na unahin ang mga aplikasyon mula sa mga nangungupahan na walang trabaho nang higit sa 90 araw at sa mga kumikita ng mas mababa sa 50% ng area median income. Inilalaan ng IHDA ang karapatan na higit pang bigyang-prayoridad ang mga aplikasyon upang matiyak na ang mga nangungupahan na may pinakamataas na panganib ng kawalang-tatag ng pabahay at kawalan ng tirahan ay isinasaalang-alang para sa tulong ng ILRPP.

Pagiging Kuwalipikado

15. Sino ang karapat-dapat na makatanggap ng tulong mula sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Ang mga nangungupahan sa Illinois ay maaaring maging kuwalipikadong makatanggap ng tulong sa ILRPP kung:
 - Ang sambahayan ay nasa panganib na mawalan ng tirahan o kawalang-tatag ng pabahay (ibig sabihin, ang sambahayan ay nakatanggap ng abiso ng hindi nabayarang upa o ng pagpapaalis).
 - Ang sambahayan ay nakatira sa Illinois at umuupa ng kanilang tahanan bilang kanilang pangunahing tirahan.
 - Ang sambahayan ay isang pamilyang may mababang kita (ibig sabihin, mga pamilyang ang mga kita ay hindi lalampas sa 80% ng median na kita para sa lugar, na iniakma para sa laki ng sambahayan, ayon sa tinutukoy ng HUD). Hanapin ang mga limitasyon sa kita ng inyong county [dito](#).
 - Ang isa o higit pang mga indibidwal sa loob ng sambahayan ay kuwalipikado para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho o nakaranas ng pagbawas sa kita ng sambahayan, nagkaroon ng malaking gastos, o nakaranas ng iba pang kahirapan sa pananalapi sa panahon o dahil, direkta o hindi direkta, sa pandemya ng coronavirus.

16. Mayroon bang mga kinakailangan sa katayuan sa imigrasyon para sa tulong ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Wala, ang tulong ng ILRPP ay available sa lahat ng mga kuwalipikadong nangungupahan sa Illinois anuman ang katayuan sa imigrasyon. Ang tulong sa ILRPP ay hindi isang benepisyong “public charge.”

17. Kuwalipikado ba ang aking mga nangungupahan para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa kung nakatanggap sila sa nakaraan ng pangkagipitang tulong sa pag-upa mula sa IHDA o iba pang entidad?

- Oo, ang mga nangungupahan ay maaaring mag-apply para sa karagdagang tulong mula sa ILRPP hangga’t ang kabuuang bilang ng mga buwan ng pederal na tulong sa pag-upa na kanilang natanggap ay hindi lalampas sa limitasyon ng programa na 18 buwan, anuman ang pinagmulan ng tulong na ibinigay. Bilang karagdagan, ang pinagsamang tulong na natanggap mula sa

Programang Illinois sa Pagbabayad ng Upa ay hindi maaaring lalampas sa kabuuang \$25,000 bawat sambahayan. Bilang wakas, ang mga sambahayan na nakatanggap ng pederal na tulong sa pag-upa ay hindi makatanggap ng karagdagang mga pagbabayad ng ILRPP para sa parehong mga buwan. Isasaayos ng IHDA ang halaga ng grant ng ILRPP sa mga sitwasyong ito upang maiwasan ang pagdoble ng tulong.

18. Isa akong tagapagbigay ng pabahay na taga-ibang estado na may pinapaupahang ari-arian sa Illinois. Pwede ba akong mag-apply?

- Oo. Kung ang inyong nangungupahan ay isang residente ng Illinois at inuupahan ang unit bilang kanilang pangunahing tirahan, maaari silang maging karapat-dapat para sa tulong ng ILRPP.

19. Ang aking mga nangungupahan ay mga tumatanggap ng Section 8/Housing Choice Voucher. Kuwalipikado ba sila para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Oo, ang mga nangungupahan na naninirahan sa pabahay na tinutustusan ng estado o ng pederal ay kuwalipikado na tumanggap ng tulong ng ILRPP upang masakop ang bahagi ng upa na binayaran ng nangungupahan. Kung ang paupahang unit ay bahagi ng isang tinutustusan na ari-arian, ang mga pondo ng ILRPP ay hindi maaaring gamitin sa mga gastos na naibalik o maibabalik pa lang sa ilalim ng anumang iba pang tulong na pederal. Kung ang sinuman sa sambahayan ay tumatanggap ng tulong sa pag-upa maliban sa grant ng ILRPP, ang grant ng ILRPP ay maaari lamang gamitin upang bayaran ang bahagi ng upa na binayaran ng nangungupahan na hindi pa binabayaran ng iba pang tulong sa pag-upa.
 - Halimbawa, kung ang upa ay \$1,000 at ang kontribusyon ng nangungupahan ay \$200 sa isang buwan na ang natitira ay sakop ng isang voucher o iba pang subsidy, ang nangungupahan ay kuwalipikado para sa \$200 na tulong ng ILRPP bawat buwan.

20. Ang mga nangungupahan ba sa corporate, panandalian, o pansamantalang pabahay na ibinigay ng employer ay karapat-dapat na makatanggap ng tulong mula sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Hindi, upang maging kuwalipikado para sa tulong ng ILRPP, ang unit ay dapat na full-time na pangunahing tirahan ng nangungupahan. Ang mga umuupa sa pansamantalang batayan o ang mga umuupa ng pangalawang tirahan ay hindi karapat-dapat na mag-apply.

21. Ako ay nagmamay-ari at nakatira sa isang multi-unit na gusali na inookupahan din ng nangungupahan. Kung ang isang nangungupahan na naninirahan sa aking gusali ay nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado, maaari ba akong magpasa ng aplikasyon para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Oo. Sa mga sitwasyong ito, ang nagpapaupa at ang nangungupahan ay pipirma ng isang dokumento na naglalaman ng sumusunod na probisyon:
 - Walang sinuman sa sambahayang naninirahan sa Paupahang Unit ang miyembro ng pamilya ng Tagapagbigay ng Pabahay, -O- isang miyembro ng pamilya ng Tagapagbigay ng Pabahay ang umookupa sa Paupahang Unit, ngunit ang mga tuntunin ng occupancy agreement at ang halaga ng upa ay maihahambing sa kung ano ang inaalok sa mga independiyenteng ikatlong partido.

Mga Kinakailangang Dokumento

22. Anong mga dokumento ang kailangang ibigay ng mga tagapagbigay ng pabahay kapag nag-apply para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Ang mga tagapagbigay ng pabahay ay kailangang magbigay ng mga sumusunod na dokumento upang mag-apply:
 - Photo ID na bigay ng gobyerno anuman ang petsa ng pag-expire
 - Katibayan ng hindi nabayarang upa
 - Katibayan ng pagmamay-ari (kopya ng 2020 property tax bill o 2021 buwanang mortgage statement)
 - Kasalukuyang kasunduan sa pag-upa [*lease*] na nilagdaan (kung available)
 - Ganap na naisakatuparan at kasalukuyang kasunduan sa pamamahala ng ari-arian (kung ang pagbabayad ay ginawa sa isang tagapamahala ng ari-arian)
- Ang listahan ng mga katanggap-tanggap na dokumento ay available [dito](#).

23. Anong impormasyon ang kailangan ng mga tagapagbigay ng pabahay para mag-apply para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Kakailanganin ng mga tagapagbigay ng pabahay ang mga sumusunod na impormasyon para makapag-apply:
 - Wastong email address para sa iyong sarili at sa inyong nangungupahan (dapat na na-access sa buong proseso ng pagsusuri ng aplikasyon).
 - Impormasyon sa paupahang unit (uri ng unit, address, halaga ng upa)
 - Impormasyon sa pagbabayad ng grant para sa pamamahagi ng tseke
 - Social Security Number o Individual Taxpayer Identification Number (kung ang pagbabayad ay ginawa sa isang indibidwal)
 - Employee Identification Number (kung ang pagbabayad ay ginawa sa isang entidad ng negosyo)
 - Lahat ng mga kinakailangang dokumento na nakalista sa tanong 23

24. Kailangan ba ng aking nangungupahan ng kasunduan sa pag-upa [*lease*] para mag-apply?

- Ang kasalukuyang kasunduan sa pag-upa ay ibibigay kung ito ay available. Kung ang kasalukuyang kasunduan sa pag-upa ay hindi available, pinapayagan pa ring mag-apply ang mga tagapagbigay ng pabahay at mga nangungupahan.

25. Kailangan ba ng aking nangungupahan ng Social Security Number para makapag-apply?

- Hindi, ang mga nangungupahan ay hindi kailangang magbigay ng Social Security Number (SSN) o Individual Taxpayer ID Number (ITIN).

Pagdaan sa Proseso ng Pagsusuri

26. Ano ang mangyayari pagkatapos kong makumpleto ang aking aplikasyon?

- Pagkatapos makumpleto ng kasero [*landlord*] ang kanilang aplikasyon, itutugma ito sa kaukulang aplikasyon ng kanilang nangungupahan [*tenant*], kung ito ay naipasa na, at maituturing na karapat-dapat para sa pagsusuri. Kung hindi pa nakumpleto ng nangungupahan ang kanilang aplikasyon, sila ay makakatanggap ng abiso na nag-iimbiba sa kanila na lumikha ng ILRPP account at mag-apply. Maaari ninyong tingnan kung nakumpleto na ng inyong nangungupahan ang kanilang aplikasyon sa pamamagitan ng pag-log in sa inyong ILRPP account sa ilrpp2.ihda.org at pagtingin sa inyong status sa dashboard ng inyong aplikasyon.
- Kung kailangan ng karagdagang impormasyon, makikipag-ugnayan sa inyo ang IHDA sa pamamagitan ng DoNotReplyILRPP2@ihda.org na may mga karagdagang tagubilin.

27. Paano ko malalaman ang katayuan ng aking ipinasang aplikasyon?

- Maaaring tingnan ng mga aplikante ang katayuan ng kanilang aplikasyon sa pamamagitan ng pag-log in sa kanilang ILRPP account sa ilrpp2.ihda.org. Ililista ang inyong status sa dashboard ng inyong aplikasyon. Magagawang suriin ng mga nagpapaupa ang katayuan ng lahat ng ipinasang aplikasyon sa kanilang dashboard. Mangyaring tandaan na ang mga update sa katayuan ng aplikasyon ay hindi magiging available kaagad.

28. Ano ang ibig sabihin ng iba't ibang mga katawagan sa katayuan ng aplikasyon?

- Makikita ninyo itong iba't ibang katawagan sa katayuan sa panahon ng proseso:
 - **Ipinasa Naghihintay para sa Katugma [Submitted Waiting for Match]:** Ang aplikasyon ay naghihintay na maitugma sa kaukulang aplikasyon para sa pagsusuri.
 - **Handa para sa Pagsusuri [Ready for Review]:** Ang aplikasyon ay kumpleto at handa na para sa pagsusuri.
 - **Nasa Pagsusuri [In Review]:** Ang aplikasyon kasalukuyang sinusuri.
 - **Nangangailangan ng Karagdagang Impormasyon [Needs More Info]:** Kailangan pa ng karagdagang impormasyon. Pakigamit ang ADD DOCUMENT na pindutan para i-upload ang mga hiniling na dokumento.
 - **Handa para sa Pagsusuri ng Supervisor [Ready for Supervisor Review]:** Na-flag ang aplikasyon para sa karagdagang pagsusuri.
 - **Nasa Huling Pagsusuri [In Final Review]:** Ang aplikasyon ay nasa ilalim ng huling pagsusuri.
 - **Nasa QC [In QC]:** Ang aplikasyon ay napili para sa espesyal na pagsusuri.
 - **Aprobado [Approved]:** Ang aplikasyon ay naaprubahan para sa pagpopondo.
 - **Tinanggihan [Rejected]:** Ang aplikasyon ay hindi karapat-dapat para sa pagpopondo.
 - **Ang Aplikasyon ay Sinusuri – 1 [App Under Review – 1]:** Na-flag ang aplikasyon para sa karagdagang pagsusuri.
 - **Ang Aplikasyon ay Sinusuri – 2 [App Under Review – 2]:** Na-flag ang aplikasyon para sa posibleng pagiging duplikado.
 - **Duplikadong Aplikasyon [Duplicate Application]:** Napag-alamang duplikado ang application.

29. Kailan ako aabisuhan kung ang aking aplikasyon ay naaprubahan para sa pagpopondo o itinuring na hindi karapat-dapat para sa pagpopondo?

- Ang mga pagsusuri at pagbabayad ng mga aprubadong aplikasyon ay magsisimula sa Disyembre 2021. Pakitingnan ang inyong ILRPP account sa ilrpp2.ihda.org para sa mga update sa katayuan ng aplikasyon.

30. Paano ako aabisuhan kung ang aking aplikasyon ay naaprubahan para sa pagpopondo o itinuring na hindi karapat-dapat para sa pagpopondo?

- Ang lahat ng mga komunikasyon sa programa ay ipapadala sa mga email address na ibinigay sa aplikasyon. Mangyaring tiyakin na mapapanatili ninyo ang pag-access sa mga email account na nauugnay sa aplikasyon sa buong proseso ng pagsusuri at pag-apruba.

Karagdagang Impormasyon

31. Maaari ba akong mag-apply sa ibang mga programa sa pangkagipitang tulong sa pag-upa na inaalok ng aking lungsod o lalawigan [county]?

- Oo. Gayunpaman, ang mga nagpapaupa ay hindi maaaring tumanggap ng tulong sa pag-upa mula sa higit sa isang mapagkukunan sa ngalan ng parehong nangungupahan para sa parehong mga buwan. Ipinagbabawal ang pagdodoble ng mga benepisyo at isasaayos ng IHDA ang halaga ng grant ng ILRPP kung kinakailangan upang maiwasan ang dobleng pagbabayad ng mga pondo.

32. Paano kung ang aking nangungupahan ay lumipat pagkatapos matanggap ang mga pondo ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Maaari ninyong gamitin ang mga pondo sa hindi nabayaranang upa ng nangungupahan, at pagkatapos ay ibalik ang labis na pondo sa IHDA. [Tingnan ang tanong 35 para sa mga tagubilin sa pagbabalik ng labis na pondo.](#)

33. Nakatanggap ako ng bayad ng ILRPP sa ngalan ng isang nangungupahan na natulungan na ng isa pang programa sa pangkagipitang tulong sa pag-upa. Kailangan ko bang ibalik ang mga pondo ng ILRPP?

- Oo. [Tingnan ang tanong 35 para sa mga tagubilin sa pagbabalik ng labis na pondo.](#)

34. Maaari bang tumanggap ng tulong ng ILRPP ang isang nagpapaupa para sa isang nangungupahan na boluntaryong lumipat pagkatapos magpasa ng aplikasyon?

- Oo. Kung ang nangungupahan ay naninirahan sa unit sa panahon ng aplikasyon ngunit boluntaryong lumipat bago naaprubahan ang aplikasyon para sa pagpopondo, maaaring gamitin ng mga nagpapaupa ang mga pondo ng ILRPP sa hindi nabayaranang upa, at pagkatapos ay ibalik ang labis na pondo sa IHDA. [Tingnan ang tanong 35 para sa mga tagubilin sa pagbabalik ng labis na pondo.](#) Kung binayaran ng nangungupahan ang lagpas na sa tining na halaga bago lumipat, mangyaring makipag-ugnayan sa Illinois Housing Development Authority sa 1-866-ILHELP-1 (1-866-454-3571) o Questions.ILRPP@ihda.org, at hilingin na kanselahin ang aplikasyon.

35. Paano ko ibabalik ang labis na pondo ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa sa IHDA?

- Kung, sa anumang kadahilanan, ang ILRPP Grant Award ay lampas sa halaga ng pera na kailangan upang matugunan ang mga utang sa pag-upa at, hanggang sa tatlong buwan ng inaasahang upa para sa Paupahang Unit, dapat ninyong ibalik ang labis na pondo sa IHDA.
- Kung ibinabalik ninyo ang buong tseke, mangyaring ipadala ito sa isa sa mga address sa ibaba. Kung ibinabalik ninyo ang ilang bahagi ng pondo, mangyaring gumawa ng tseke na babayaran sa “Illinois Housing Development Authority” at isama ang address ng Paupahang Unit at Pangalan ng Nangungupahan sa tseke at ipadala sa isa sa mga address sa ibaba:
- **Kung sa pamamagitan ng regular na mail:**
JP Morgan Chase
P.O. Box 735034
Chicago, IL 60673-5034
- **Kung sa pamamagitan ng agarang pagpapadala/mensahero:**
JP Morgan Chase
Attn. P.O. Box 735034
131 S Dearborn, 6th Floor
Chicago, IL 60603

36. Maaari ko bang paalisin ang aking nangungupahan kung nag-apply ako para sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa o nakatanggap ng pondo?

- Ang mga pondong gawad ng ILRPP ay binabayaran sa kasero sa ngalan ng nangungupahan. Dapat sumang-ayon ang mga kasero na huwag paalisin ang kanilang nangungupahan para sa upa na hindi binayaran sa panahong saklaw ng programa bilang isang kondisyon ng pagtanggap ng pondo ng ILRPP. Kasama sa panahong saklaw ng programa ang lahat ng mga buwan kung saan natanggap ang bayad ng ILRPP para sa utang sa pag-upa gayundin ang mga darating na buwan na sakop ng mga pre-payment ng ILRPP. Kung ang paglilitis sa pagpapaalis ay sinimulan, dapat itong ihinto upang ang aplikasyon ng ILRPP ay maisaalang-alang para sa pagbabayad. Kung pinaalis ng kasero ang kanilang nangungupahan, hindi na sila karapat-dapat na tumanggap ng tulong ng ILRPP sa ngalan ng nangungupahan na iyon.
- Ang mga nagpapaupa na nagpapaalis sa kanilang nangungupahan para sa hindi nabayaranang upa pagkatapos tanggapin ang bayad ng ILRPP ng kanilang nangungupahan ay lumabag sa kanilang grant agreement at kinakailangang ibalik ang pondong gawad ng ILRPP sa IHDA.

37. Kanino ako makikipag-ugnay para sa mga katanungan tungkol sa Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Kung kayo ay mayroong mga katanungan o kung kayo ay hindi sigurado tungkol sa anumang bagay hinggil sa inyong aplikasyon, mangyaring sumangguni sa listahan ng mga Tagapagbigay ng Housing Stability Service na nakahandang tumulong sa www.IllinoisHousingHelp.org. Para sa karagdagang tulong, makipag-ugnayan sa Illinois Housing Development Authority sa 1-866-

ILHELP-1 (1-866-454-3571) o Questions.ILRPP@ihda.org.

38. Paano kung ang aking nangungupahan ay nangangailangan din ng tulong sa pagbabayad ng kanilang mga utility bill na hindi kasama sa singil sa upa?

- Mangyaring bisitahin ang www.IllinoisHousingHelp.org para sa impormasyon sa pagiging kuwalipikado at mga tagubilin upang mag-apply para sa mga programa sa tulong sa utility. .

39. Paano kung ang aking nangungupahan ay nangangailangan ng karagdagang tulong sa panahon ng pandemya ng COVID-19?

- Kung ang mga nangungupahan ay nahaharap sa pang-ekonomiya o panlipunang mga hamon bilang karagdagan sa paghihirap na magbayad ng kanilang upa, mangyaring bisitahin ang www.IllinoisHousingHelp.org para sa impormasyon sa mga programang inaalok ng Illinois Department of Human Services, ng Illinois Department of Commerce & Economic Opportunity, at iba pang mga kasosyo na nagtatrabaho upang tulungan ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng seguridad sa pagkain, may mga alalahanin sa kalusugan ng isip o pisikal, mga alalahanin sa paggamit ng droga, labis na utang, mga hamon sa legal, mga hamon sa imigrasyon, pagkakasangkot sa hustisya, at karahasan sa tahanan.

40. Ano ang dapat kong gawin kung sa palagay ko ay may nagsusumite ng maling impormasyon sa IHDA kaugnay ng Programa ng Illinois sa Pagbabayad ng Upa?

- Sineseryoso ng IHDA ang lahat ng paratang ng pandaraya. Kung kayo ay mayroong dahilan upang maniwala na ang isang tao ay nagbibigay ng mapanlinlang na impormasyon sa pagtatangkang makakuha ng pangkagipitang tulong sa pag-upa, mangyaring bisitahin ang pahina ng “Report Fraud” ng www.IllinoisHousingHelp.org at magbigay ng mas maraming detalye hangga’t maaari upang ito ay maimbestigahan kaagad ng IHDA. Bilang kahalili, ang mga indibiduwal ay maaaring magsampa ng reklamo online sa [Office of the Executive Inspector General](#).